1. **Ano ang Modified Pag-IBIG II (MP2)?**
   Ang modified Pag-IBIG II ay isang boluntaryong programa ng pag-iimpok na nagbibigay ng pagkakataon sa mga miyembro ng Pag-IBIG na kumita ng mas mataas na dibidendo mula sa kanilang inimpok sa loob lamang ng limang taon.

2. **Sino ang pwedeng sumali sa programa?**
   Bukas ang programa sa lahat ng miyembro na kasali sa Pag-IBIG I o regular membership na kumikita ng mahigit limang libo kada buwan. Kasama sa programa ang mga OFW-member ng Pag-IBIG.

3. **Magkano ang ihuhulog ko sa ilalim ng Modified Pag-IBIG II Program?**
   Maghuhulog ka ng P500 kada buwan. Maaari ka ding maghulog ng mas mataas sa P500 kung gusto mo ng mas malaking impok.

   Halimbawa:

Buwanang Hulog	Kabuuang impok pagkaraan ng 5 Taon*	Kabuuang impok pagkaraan ng 10 Taon*
P500.00	P34,921.79	P81,655.02
P1,000.00	P69,843.58	P163,310.05
P1,500.00	P104,765.37	P244,965.07
P2,000.00	P139,687.16	P326,620.10
P5,000.00	P349,217.90	P816,550.25

** Kung ang itinakdang dividend rate ng Pag-IBIG ay 6%*

4. **Ano ang dividend rate ng inimpok ko sa ilalim ng Modified Pag-IBIG II?**
   Mas mataas ang dibidendong ibinibigay sa ilalim ng nasabing programa kumpara sa dibidendo sa ilalim ng regular membership program o Pag-IBIG I. Halimbawa, noong Abril 2010, itinakda sa 5.5% ang dividend rate para sa Modified Pag-IBIG II at 5% naman para sa Pag-IBIG I. Tax-free at garantisado ng pamahalaan ang impok ng miyembro kasama ang dibidendo.

5. **Kailan ko maaaring ma-withdraw ang aking inimpok sa Modified Pag-IBIG II Program?**
   Maaari mong ma-withdraw ang inimpok mo kasama ang dibidendo pagkatapos ng limang taon. Pwede ring ma-withdraw ang iyong ipon bago matapos ang limang taon sa mga sumusunod na dahilan:
   - Total disability or insanity
   - Pagkaalis sa trabaho dahil sa sakit o karamdaman
   - Pagkamatay ng miyembro

6. **Anong mangyayari pag nag-mature na ang aking membership sa Modified Pag-IBIG II at hindi ko nakuha ang aking inimpok?**
   Patuloy namang kikita ng dibidendo ang iyong impok sa loob ng dalawang taon matapos ang maturity. Yun lamang, ibabase na sa rate na idedeklara sa ilalim ng Pag-IBIG I ang dibidendo. Pagkatapos ng dalawang taon, hindi na kikita ng dibidendo ang iyong impok.

7. **Pwede ko pa bang ituloy ang paghuhulog pagkatapos ng limang taon?**
   Oo. Maaari mong ipagpatuloy ang iyong membership sa programa sa loob ng panibagong limang taon. Ipaalam lamang sa Pag-IBIG ang intensyong magpatuloy sa programa.

8. **Maaari ba akong magpa-rehistro sa Modified Pag-IBIG II kung hindi ako miyembro ng Pag-IBIG I?**
   Hindi. Kailangang miyembro ka muna ng Pag-IBIG I bago ka magpa-rehistro sa Modified Pag-IBIG II. Kung ikaw ay Pag-IBIG member na, kailangan mong panatilihin ang iyong membership sa Pag-IBIG I kung gusto mong magpa-rehistro sa Modified Pag-IBIG II.

9. **Maaari ba akong makinabang sa mga loan kung miyembro ako ng Modified Pag-IBIG II Program?**
   Hindi. Ang Modified Pag-IBIG II ay isang programa para lamang sa pag-iimpok kaya hindi ka maaaring mag-avail ng anumang loan base sa membership mo sa programang ito.

   Ngunit pwede ka naman mangutang para sa emergencies sa ilalim ng Multi-Purpose Loan program o para sa pabahay kung aktibong miyembro ka ng Pag -IBIG I at kung natugunan mo ang lahat ng eligibility criteria.